

Pagpaparehistro upang Makaboto FAQ



Paano ako magparehistro upang makaboto?

Sagutan ang isang form ng pagpaparehistro ng botante at isumite ito nang personal o sa pamamagitan ng koreo sa NYC Board of Elections (BOE). Maaari mong i-download ang form ng pagpaparehistro mula sa website ng BOE (www.vote.nyc.ny.us), kumuha ng kopya sa opisina ng BOE sa iyong lugar, at sa maraming lokasyon ng NYC agency customer services, o tumawag sa 866-VOTE-NYC (212-487-5496 para sa mga may problema sa pandinig) upang humingi ng kopya sa pamamagitan ng koreo. Maaari ding magparehistro online ang mga residente ng NY (tingnan sa ibaba). Ang huling takdang araw para sa pagsusumite ng rehistrasyon na namarkahan sa koreo o nang personal ay 25 araw bago ang halalan na nais mong pagbotohan.

Maaari ba akong magparehistro upang makaboto online?

Magagamit ang online na pagpaparehistro ng botante sa pamamagitan ng DMV, ngunit kailangan ng balidong ID sa Estado ng New York. Bisitahin ang website ng DMV upang gumawa ng profile at magparehistro online: <http://dmv.ny.gov/more-info/electronic-voter-registration-application>.

Hindi ko alam kung nakarehistro akong bumoto—paano ko aalamin?

Gamitin ang Voter Registration Look-up (<http://voterlookup.elections.state.ny.us>) upang tingnan ang katayuan ng iyong rehistrasyon online, o tumawag sa 866-VOTE-NYC para magpatulong.

Nag-expire na kaya ang aking rehistrasyon?

Walang expiration date ang iyong rehistrasyon, ngunit maaaring nailipat ito bilang inactive kung hindi ka bumoto sa nakalipas na dalawang halalang pederal, o kung lumipat ka at hindi ka nag-update ng iyong address sa BOE.

Paano kung lumipat ako sa loob ng Lungsod ng New York mula noong huli akong bumoto?

Kapag lilipat ka, inaatasan ka ng batas ng Estado ng New York na palitan ang iyong address sa BOE sa loob ng 25 araw. Gagawin mo ito sa pamamagitan ng pagsusumite ng bagong form ng pagpaparehistro ng botante at pagsusulat ng impormasyon sa form, kabilang ang impormasyon sa kahong namarkahang "Nagbago ang impormasyon sa pagboto." Isulat ang iyong bago at lumang address, lagyan ng tsek ang kahon para sa partido kung saan mo gustong magpatala (gawin ito kahit pa nakatala sa isang partido sa iyong lumang address), at ibigay ang iba pang hinihinging impormasyon. Kung lilipat ka ngunit hindi mo pinalitan ang iyong address sa BOE bago ang deadline, dapat kang pumunta sa iyong **bagong** lugar ng botohan at bumoto sa pamamagitan ng affidavit ballot. Tumawag sa 866-VOTE-NYC upang alamin kung naproseso na ang iyong pagpapalit ng address.

Inaapektuhan ba ng isang hatol sa paggawa ng krimen ang aking karapatang magparehistro at bumoto?

Ikaw ay **hindi** maaaring magparehistro at bumoto, kung nahatulan ka sa paggawa ng isang krimen at para sa krimen na iyon:

- Kasalukuyan kang nakakulong; o
- Nasa ilalim ka ng parole supervision.

Maaari kang magparehistro at bumoto kung nahatulan ka ng isang krimen at para sa krimen na iyon:

- Nasentensiyahan ka ng probation;
- Hindi ka nasentensiyahang makulong o nasuspende ang iyong sentensiya na pagkakakulong;
- Natapos mo na ang pinakamatagal na sentensiya sa kulungan, at sa ganoong sitwasyon maaari kang muling magparehistro upang bumoto
- Nasa parole ka noon at pagkatapos ay na-discharge, at sa ganoong sitwasyon maaari kang muling magparehistro upang bumoto; o
- Nakatanggap ka ng pardon.

Inaapektuhan ba ng hatol ng maliit na pagkakasala ang aking karapatang magparehistro at bumoto?

Maaari kang magparehistro at bumoto, kahit mula sa bilangguan, kung nahatulan ka ng isang maliit na pagkakasala lamang. Umaaplay ang parehong mga patakaran nahatulan ka man sa isang korte ng New York, sa korte ng ibang estado, o sa isang pederal na korte. Hindi mo kailangang magbigay ng anumang dokumento tungkol sa iyong criminal record upang magparehistro at bumoto.

Kasalukuyan akong walang tirahan, maaari ba akong magparehistro at bumoto?

Oo, may karapatan kang magparehistro at bumoto. Sagutan ang isang form ng pagpaparehistro ng botante at isulat ang lokasyon kung saan ka matatagpuan, tulad ng “Upan sa Central Park sa 86th Street,” bilang address na tinitirhan mo. Itatalaga ka sa isang lugar ng botohan batay sa address na ito. Isulat ang address ng isang shelter, P.O. Box, o miyembro ng pamilya bilang ang address kung saan ka tumatanggap ng sulat. Ipadadala ang iyong voter card sa address na ito.